

**Para sa ikapagpapaluwalhati ng Tagapaglingkod ng Diyos
Marie-Joseph Lagrange
(1855-1938)**

Tagapagtatag ng Ecole Biblique sa Jerusalem

TALAMBUHAY

Si Albert Lagrange ay isinilang sa Bourg-en-Bresse, sa Diyosesis ng Belley-Ars, ika-7 ng Marso 1855. Noong siya'y tatlong taong gulang pa lamang, siya ay tumanggap ng pagbabasbas mula kay San Juan Vianney, ang Curé d'Ars.

Makatapos ng kanyang pag-aaral sa Seminaryo ng Autun, siya ay nagpatuloy ng pag-aaral ng abogasya sa Paris, kung saan siya ay nagtapos bilang doktor. Dahil sa paghanga sa halimbawa ni Santo Domingo, na may isang "busilak na pagkatao", siya ay nagpasyang pumasok sa pangmababang seminaryo ng Issy-les-Moulineaux (1878-1879). Pagkatapos din noon ay tumuloy siya sa Nobisyado ng mga Dominiko sa San Maximin, kung saan siya ay tumanggap ng abito ng mga Dominiko mula sa Prior Provincial na si Hyacinthe-Marie Cormier, na kinalauna'y itinaas ni Papa Juan Pablo II sa talaan ng mga banal bilang isang Beato. Nang siya'y makatapos ng Nobisyado noong 1880, nagkaroon ng atas ang pamahalaan na nag-utos na palayasin lahat ng mga Dominiko mula sa Pransiya. Sila ay pinatuloy ng mga Espanyol na Dominiko sa bahay ng San Esteban sa Salamanca, kung saan si Bro. Lagrange kinalaunan ay nag-aral ng Teolohiya ni Santo Tomas de Aquino, at ng mga doktrinang mistiko ni Santa Teresa de Avila. Siya ay inordinahang pari sa Zamora noong ika-22 ng Disyembre 1883.

Dala ng kanyang sigasig sa pag-aaral ng banal na kasulatan, siya ay ipinadala sa bahay ng San Etienne, ang Ecole Biblique, na binuksan sa Herusalem noong ika-15 ng Nobyembre 1890. Mula noon, hanggang sa araw ng kanyang pagpanaw, ang kanyang buong buhay ay kanya nang itinalaga sa paglilingkod sa kapakanan ng Biblia: bilang mananaliksik, propesor ng *exegetis* o masusing pag-unawa ng mga nasusulat, tagapangasiwa ng Ecole Biblique at ng *Revue Biblique* (1882), may-akda ng maraming mga aklat at artikulo, tagapangaral, at iba pa. Iginugol niya ang 45 taon ng kanyang buhay sa Herusalem. Ang kanyang pinaka-tanyag na gawa ay ang *L'Evangile de Jésus Christ*, na ngayon ay naisalin na sa iba't-ibang mga wika.

Ang kanyang gawain bilang isang *exegete* ang nagbigay ng puwang para sa Katolikong panunuri sa larangan ng pagsisiyasat. Hindi rin siya nawalan ng mga taong sumasalungat sa kanya, pati na rin ang iba pang mga pagsubok sa kanyang pakikibaka para sa kaligtasan ng kaluluwa. Si Fr. Lagrange ay tapat at taimtim na nagsikap sa kanyang paglilingkod sa simbahan.

Noong 1935, dahil sa humihinang kalusugan, siya ay bumalik sa bahay ng San Maximin sa Pransiya, kung saan siya ay sumakabilang buhay noong ika-10 ng Marso 1938. Ang kanyang mga labi ay ibinalik sa Herusalem noong 1967, at inilagak sa koro ng Basilika ng San Etienne.

MGA PANIPI MULA KAY P. LAGRANGE

Pag-ibig sa Kapwa-tao

"Kabilang sa mga pinaka-pektibong paraan upang maantig ang puso ng mga bata, at malabanan ang kayabangan at pagkamakasarili, bago sila bigyan ng pribado o pampublikong pangangaral, sa aking palagay ay ipagagawa ko munang sila'y dumalaw sa mga tahanan ng mahihirap. Noong ako'y nasa pangmababang seminaryo pa lamang, ang grupo ng St Vincent de Paul ay naging lubhang tapat sa paggawa nito, at itinuturing kong isang karangalan para sa akin na maging bahagi nito."

Siyentipikong Pag-aaral ng Biblia

"Ang kasaysayan ay binubuo ng mga dokumento at mga monumento."

"Hindi sapat na sisihin ang panunuri para sa lahat ng bagay. Ang tanging may kakayahang lumaban sa panunuri ay panunuri rin."

"Sa Biblia, ang Diyos ay nagbigay ng isang walang hanggang gawain sa katalinuhan ng tao, at dapat limiin, malawak Niyang binuksan ang larangan ng pag-unlad sa katotohanan."

"Tanging ang Banal na Kasulatan lamang ang nagbibigay sa atin ng pananaw sa Diyos na parehong malalim at makapagpalubag-loob, at siya ring nagiging dahilan upang mahal natin Siya."

"Ako'y nangangahas na magsabi na ang Banal na Kasulatan, gaya ng mga sakramento, ay isang sagradong bagay."

Gawain ng Karunungan

"Hindi natin ninanais na maligaw ang mga kaluluwa, dahil sa kawalan ng paniniwala sa isang bagay na hindi rin naman itinuturo ng Simbahan na kanilang paniwalaan."

Katapatan sa Gitna ng mga Pagsubok

*"Hindi kapaitan o pagkabigo! Ang tunay na sundalo ay walang pagdududa sa utos na nagtutulak sa kanya sa labanan, o maging pag-aalinlangan o pagtataksil."
(Paalam sa École Biblique ng Herusalem, ika-3 ng Setyembre 1912)*

Panalangin

"Nais kong marinig ang Ebanghelyo na inaawit ng Diyakono mula sa pulpito habang pinaliligiran ng insenso: dito ang Banal na Salita ay pumapasok sa aking kaluluwa nang mas malalim kaysa sa dalubhasang talakayan."

Panalangin sa Mahal na Ina

"Naaangkop lamang na maging mapagpakumbaba gaya ni Origen. Lakas-loob nating sabihin: ang mga Ebanghelyo ay ang piling bahagi ng lahat ng Banal na Kasulatan, at

ang Ebanghelyo ni Juan naman ang piling bahagi sa lahat ng mga ito. Walang sinuman ang makakatanggap ng diwa nito kung hindi niya inihimlay ang kanyang ulo sa dibdib ni Jesus, at kung hindi niya tinanggap mula kay Jesus si Maria bilang Ina."

"Si Maria ay isang hulmahan kung saan ang kaluluwa ay hinuhubog upang maging tulad ni Hesus. Tayo nang pumasok sa hulmahanang ito!"

"Ang rosaryo ay isang buod ng Ebanghelyo, naghahatid sa atin tungo sa hangganang inaasahan natin sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao at pagdurusa ng ating Panginoong Hesukristo. Ngunit ang rosaryo bilang isang pananalaman ng buhay ni Hesus ay hindi ganap. Makikita natin ang isang malaking puwang, sapagkat walang tuwirang pagpapahayag mula sa Ebanghelyo, o mula sa aral ng Tagapagligtas. Kung magkagayon, hindi na ba kakailanganin pang basahin ang Ebanghelyo? Sa halip, ating sabihin na ang Rosaryo ay nag-uudyok sa atin upang naisin ang pagbabasa, at mamarapatin ito kung talagang nanaisin nating makaharap ang mga misteryong dapat nating pagnilayan."

Ang diyosesanong hakbangin para sa pormal na pagpapahayag ng kabanalan ni Fr. Lagrange ay nabuo ng diyosesis ng Fréjus-Toulon. Kabilang sa maraming mga patunay sa mga pakinabang mula sa buhay, gawa at pamamagitan ni Fr Lagrange, sina Papa Paul VI at Juan Pablo II ay nagbigay ng papuri para sa dalubhasang ito na nagpagkaisa ng pananampalataya at karunungan.

Para maipagbigay-alam sa amin ang mga biyayang natanggap:

Association des Amis du P. Lagrange

Couvent des Dominicains

9 rue Saint-François-de-Paule - 06357 Nice Cedex 4 - France

E-mail of the Association : pere.marie.joseph.lagrange@gmail.com

E-mail of the vice-postulator of the cause : manuelrivero921881772@gmail.com

Site of Association : <http://www.mj-lagrange.org>

Site of the Ecole Biblique of Jerusalem : <http://ebaf.edu>